# Ang Hassle-Free na Karanasan sa Pagboto: Isang Praktikal na Gabay.

Ang bawat aktibong rehistradong botante ay awtomatikong makakatanggap ng isang balota sa koreo nang halos isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon. Kayo ang pipili kung **kailan**, **saan**, at **paano** kayo boboto! Ang mga eleksyon ay hindi na isang-araw na kaganapan lamang at hindi na kinakailangang maghintay hanggang sa Araw ng Eleksyon para bumoto. Maaari kayong bumoto sa ginhawa ng inyong tahanan o bumisita sa isang Vote Center malapit sa inyo. **Ang pagpili ay nasa sa inyo!**

Kung nais ninyong makilahok sa parating na eleksyon, kayo ay dapat rehistrado para makaboto. Bisitahin ang sdvote.com upang makapagrehistro para makaboto at para makita kung kayo ay maaaring bumoto sa parating na eleksyon.

Narito ang ilan sa mga estratehiya para gawing mas kombinyenteng karanasan ang proseso ng pagboto para sa lahat:

## BERIPIKAHIN ANG INYONG REHISTRASYON NG BOTANTE

Kayo ba ay lumipat o nagpalit ng pangalan? Kung kayo man ay bago sa County ng San Diego o lumipat lamang sa ibang kalye kailangan ninyong magparehistro muli para makaboto. Maaari ninyong gawin ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng bagong porma ng rehistrasyon ng botante.

Siguraduhing ipapakoreo ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang inyong balota sa tamang adres. Beripikahin ang inyong adres ng tirahan at, kung iba, ang inyong adres na pangkoreo. Maaari ninyong beripikahin ang inyong impormasyon ng botante, magparehistro o magparehistro muli para makaboto online. Kumilos na ngayon!

## INYONG MGA OPSYON SA PAGBOTO

IPAKOREO ITO. IHULOG ITO. BUMISITA.

### PAGBOTO SA KOREO

- Pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong balota sa loob, at ibalik ito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service.
- Tandaan na pirmahan ang inyong sobreng pagbabalikan! Ang inyong pirma ay kinakailangan para mabilang ang inyong balota.

### BALLOT DROP BOX

- Pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong balota sa loob, at ibalik ito sa alinmang mga lokasyon ng secure na ballot drop box ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa buong county.

## VOTE CENTER

- Bumoto nang personal o ihulog ang inyong binotohang balotang pangkoreo sa alinmang Vote Center sa County ng San Diego.
- Ang **ilang** mga Vote Center ay magbubukas ng 11 araw, kasama ang Araw ng Eleksyon. **Lahat** ng mga Vote Center ay magbubukas ng 4 na araw, kasama ang Araw ng Eleksyon.
- Iba pang mga serbisyo na available sa mga Vote Center:
    - Bumoto gamit ang accessible ballot marking device
    - Tumanggap ng tulong sa pagboto, kasama ang tulong sa maramihang wika
    - Magparehistro upang makaboto o i-update ang inyong rehistrasyon at bumoto nang parehong araw
    - Humingi ng kapalit na balota at bumoto sa parehong araw

**Isang listahan ng Ballot Drop Box at mga lokasyon ng Vote Center ay magiging available sa sdvote.com.**

## I-TRACK ANG INYONG BALOTANG PANGKOREO

Kung ibabalik ninyo ang inyong balotang pangkoreo sa pamamagitan ng U.S. Postal Service, maaari ninyo itong i-track sa bawat hakbang na gagawin! Mag-sign up para sa **Nasaan ang Aking Balota?** sa sdvote.com.

## BOSES MO. PILI MO!

Ang paghihintay hanggang sa Araw ng Eleksyon ay maaaring maging abala sa oras ng mga huling-minutong desisyon. O sa kaunting preparasyon, maaari ninyong iwasan ang mga mahahabang pila at bumoto nang maaga! Alinmang paraan, sinisiguro namin na ang bawat eligible na boto ay mabibilang.

**Para sa opisyal na impormasyon sa eleksyon sa County ng San Diego, bisitahin ang sdvote.com.**

SDVOTE

★★★★★ **BOTO MO. BOSES MO!** ★★★★★